


# MAPEH (Arts)

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Rice Terraces ng Cordillera – Pandaigdig na Pamanang Pook



**MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Rice Terraces ng Cordillera – Pandaigdig na  
Pamanang Pook  
Ikalawang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Sanilyn W. Ciabu	
<b>Editors:</b>	Mariel A. Alla, Marlito Malinao	
<b>Tagasuri:</b>	Jo-Ann Cerna-Rapada, Corazon V. Abapo, Shirley L. Godoy, Niño G. Acebo	
<b>Tagalapat:</b>	Eden Lynne V. Lopez	
<b>Tagapamahala:</b>		
	Ramir B. Uytico	Raul D. Agban
	Arnulfo M. Balane	Lorelei B. Masias
	Rosemarie M. Guino	David E. Hermano, Jr.
	Joy B. Bihag	Shirley L. Godoy
	Ryan R. Tiu	Eva D. Divino
	Nova P. Jorge	Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**  
**Department of Education – Region VIII**  
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
Telefax: (053) 832-2997  
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

## **MAPEH (Arts)**

**Ikalawang Markahan – Modyul 1:  
Ang Rice Terraces ng Cordillera –  
Pandaigdig na Pamanang Pook**

# Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Nagbibigay ng sari-saring libangan sa mga tao ang paglalakbay sa iba't ibang lugar. Mayroong mga tao na mahilig umakyat ng bundok, ang iba naman ay natutuwa sa pagpunta sa mga dalampasigan.

Sa ating bansa, tunay na naiiba at sari-sari ang angking ganda nito. May mga likas na tanawin at may mga makasaysayang pook na maaaring ipagmalaki ng mga mamamayan sa mga dayuhan, kung saan ang iba ay kinikilala bilang isa sa mga World Heritage Site.

Sa modyul na ito makikilala at matatalakay ang kahalagahan ng *Cordillera Rice Terraces* bilang Pandaigdig na Pamanang Pook o *World Heritage Site* (A5EL-IIa) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

- a. Natutukoy bilang Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site ang Cordillera Rice Terraces
- b. Naipapakita sa pamamagitan ng pagpinta ang pagpapahalaga sa mga natural at makasaysayang pook tulad ng Rice Terraces bilang Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site
- c. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng Cordillera Rice Terraces bilang Pamanang Pook o World Heritage Site.



## **Subukin**

Tukuyin ang sumusunod na magagandang tanawin na makikita sa ating bansa sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga titik ng salitang sinalungguhitan. Isulat ang sagot sa patlang.

1.



**CH O L O C A T E HILLS**

\_\_\_\_\_

2.



BULKANG **YAMON**

\_\_\_\_\_

3.



HAGDAN-HAGDAN **LAPAYAN**

\_\_\_\_\_

4.



MGA BAHAY NA **OTBA** SA VIGAN

\_\_\_\_\_

5.



**ITAVAN** HOUSE SA BATANES

\_\_\_\_\_

6.



**ROGTOAN** SA LANAO

\_\_\_\_\_

7.



**BASIMHAN** NG PAOAY

\_\_\_\_\_

8.



CALLAO **EVAC** sa Cagayan

\_\_\_\_\_

9.



Bulkang **LAAT**

\_\_\_\_\_

10.

Hundred **SNALSID**

\_\_\_\_\_

## Aralin

# 1

## Arts: Ang Rice Terraces ng Cordillera – Pandaigdig na Pamanang Pook

Sa modyul na ito ay itatampok ang isa sa mga pambihirang tanawin ng Pilipinas, ang Rice Terraces o Hagdan-hagdan Palayan na makikita sa bulubundukin ng Cordillera.



### **Balikan**

Punan ng tamang sagot ang patlang. Pumili sa loob ng kahon.

balangay	banga	bahay-kubo	palayok	bayanihan
----------	-------	------------	---------	-----------

1. Ang \_\_\_\_\_ ay anyo ng kagamitan sa pagluluto na hinulma mula sa pulang putik o luwad.
2. Ang \_\_\_\_\_ ay ang pinakalumang sasakyang pandagat na ginamit sa Timog Silangang Asya.
3. Ang mga sinauna o antigong \_\_\_\_\_ ay maaaring pagkunan ng kaalaman tungkol sa pamamaraan ng buhay sa nakaraang panahon.



### **Tuklasin**

Buuin ang salita sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang titik na patinig (A, E, I, O, U) ayon sa katangiang inilalarawan nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ito ay tinaguriang isa sa mga “Eight Wonders of the World” na ipinagmalaki ng mga Ifugao at iba pang taga-Cordillera.

R \_\_\_ C \_\_\_

T \_\_\_ R R \_\_\_ C \_\_\_ S





## ***Suriin***

Sa ating bansa, tunay na naiiba at sari-sari ang angking ganda nito. May mga likas na tanawin at may mga makasaysayang pook na maaaring ipagmalaki ng mga mamamayan sa mga dayuhan, kung saan ang iba ay kinikilala bilang isa sa mga World Heritage Site. Ilan sa mga ito ay ang Rice Terraces in Banaue, Batad; Paoay Church; Miag-ao Church; Landscape of Batanes; Callao Caves in Cagayan; Old House in Vigan and Torogan in Lanao. Ang mga lugar na ito ay nakapagsisilbing inspirasyon at paksa sa paglikha ng pagpinta at mga gawaing sining.

Sa modyul na ito ay itatampok ang isa sa mga pambihirang tanawin ng Pilipinas, ang Rice Terraces o Hagdan-hagdan Palayan na makikita sa bulubundukin ng Cordillera. *Pay-yo* ang tawag dito ng mga Ifugao at iba pang taga-Cordillera.



Dahil sa angking ganda, maayos at kaakit-akit na pagkakaayos ng kulay , linya at hugis ng bawat hagdan ng palayan ay malimit na naging paksa ito ng mga pintor pati na rin ng mga larawang kuha ng mga turista, local man o dayuhan.

Isa ang Rice Terraces na nagpapakita ng kakaiba at makulay na kultura ng mga Pilipino na naging inspirasyon para sa mga pintor sa paggawa o paglikha ng magandang kabuuan ng isang landscape painting o mga likhang sining na nagpapakita ng likas na tanawin.

Katunayan, pinarangalan ang Banaue Rice Terraces bilang Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

**Panuto:** Tukuyin ang mga katangian ng Cordillera Rice Terraces kung bakit ito napabilang sa Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

1. Ang \_\_\_\_\_ ay isang mahalagang yaman ng Pilipinas na ginawaran ng UNESCO bilang World Heritage Site.
  - a. Chocolate Hills ng Bohol
  - b. Cordillera Rice Terraces
  - c. Bulkang Mayon
  - d. Yungib ng Callao sa Cagayan
  
2. Ano ang tawag ng mga Ifugao at ibang taga-Cordillera sa Rice Terraces?
  - a. Hagdan-hagdan Palayan
  - b. Palay-palayan
  - c. Pay-yo
  - d. Bulubundukin
  
3. Saang bundok matatagpuan ang mga Rice Terraces?
  - a. Marawi
  - b. Vigan
  - c. Bohol
  - d. Cordillera
  
4. Ang isang pamanang pamayanan ng lahi ay iginagawad sa \_\_\_\_\_ .
  - a. isang lugar na luma
  - b. isang lugar na may lumang simbahan lamang
  - c. isang lugar na may mahalagang bahagi sa kultura at kasaysayan
  - d. isang lugar na may maraming lumang gusali sa pag-aari ng ilustrado
  
5. Anong pandaigdigang organisasyon ang nagbigay parangal sa Rice Terraces?
  - a. UNESCO
  - b. DepEd
  - c. DOT
  - d. NCCA

## Gawain 2

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga natural at makasaysayang pook tulad ng Rice Terraces bilang Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa patlang.

- \_\_\_\_\_ 1. Ikinuwento ni Roy sa kapwa niya bata kung gaano kaganda ang Rice Terraces ayon sa kanyang nakita sa kanilang bakasyon.
- \_\_\_\_\_ 2. Ginawang paksa ni Ana sa kanyang obra ang kanilang “Rice Terraces” sa Cordillera.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagpadala ng *poster* ng Rice Terraces si Clara sa kanyang kaibigan sa *America*.
- \_\_\_\_\_ 4. Ipinasyal ni Ben ang kanyang anak sa mga magagandang tanawin sa kanilang bayan.
- \_\_\_\_\_ 5. Ginawang inspirasyon ni Carlos ang larawan ng Rice Terraces sa paglikha ng isang landscape painting.

## Gawain 3

**Panuto:** Ipaliwanag sa pamamagitan ng paggawa ng isang sanayay ang kahalagahan ng Cordillera Rice Terraces bilang Pamanang Pook o World Heritage Site. Isulat ang sanaysay sa loob ng kahon. Suriin ang ginawang sanaysay at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa “Susi sa pagwawasto.



## ***Isaisip***

- Ang natutunan ko sa araling ito ay \_\_\_\_\_
- Mahalagang pag-aralan ang mga natatanging lugar sa ating bansa tulad ng Cordillera Rice Terraces bilang Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site dahil \_\_\_\_\_



## ***Isagawa***

Lumikha ng isang landscape painting gamit ang Rice Terraces bilang isa sa “8<sup>th</sup> Wonders of the World”. Kulayan ito at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa “Susi sa pagwawasto”.



## **Tayahin**

I. Tukuyin ang mga katangian ng Cordillera Rice Terraces kung bakit napabilang sa Pandaigdig na Pamanang Pook o World Heritage Site. Isulat ang Tama kung wasto ang pahayag at Mali naman kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang Cordillera Rice Terraces ay isa sa mahalagang yaman ng Pilipinas na ginawaran ng UNESCO bilang World Heritage Site.
- \_\_\_\_\_ 2. Iginagawad sa isang lugar na may mahalagang bahagi sa kultura at kasaysayan ang isang pamanang pamayanan ng lahi.
- \_\_\_\_\_ 3. Mahalagang makilala natin ang mga magagandang tanawin ng ibang bansa para mapagkunan ng inspirasyon sa paglikha ng makabayang sining.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang magagandang tanawin ng ating bansa ay dapat alagaan at gamitin nang wasto para mapakinabangan pa ng susunod na henerasyon.
- \_\_\_\_\_ 5. Ipagmalaki ang sariling yaman ng bansa.

II. Pagtambalin ang mga lugar sa hanay A sa mga makasaysayang pook sa hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

### **HANAY A**

- \_\_\_\_\_ 6. Banawe
- \_\_\_\_\_ 7. Cagayan
- \_\_\_\_\_ 8. Manila
- \_\_\_\_\_ 9. Lanao
- \_\_\_\_\_ 10. Vigan

### **HANAY B**

- a. Bahay na Bato
- b. Callao Caves
- c. Miag-ao Church
- d. Rice Terraces
- e. San Agustin Church
- f. Torogan



## **Karagdagang Gawain**

Gumawa ng slogan, tula o jingle na nagpapakita kung paano pahahalagan ang Cordillera Rice Terraces bilang Pamanang Pook o World Heritage Site.



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subkin</b>  <b>CHOCOLATE</b>          HILLS  <b>BULKANG MAYON</b>          HAGDAN-HAGDAN P  <b>ALAYAN</b>          MGA BAHAY NA  <b>BATO</b> SA VIGAN  <b>IVATAN</b> HOUSE SA          BATANES  <b>TOROGAN</b> SA LANAO  <b>SIMBAHAN</b> NG          PAOAY          Callao <b>CAVE</b> ng          Cagayan          Bulkang <b>TAAL</b>          Hundred <b>ISLANDS</b>  <b>Balikan</b>          banga          palayok          balangay</p>	<p><b>Tuklasin</b>  <b>R I C E T E R R A C E S</b>  <b>Pagymananin</b>          Gawain 1          B          A          D          C          A  <b>Gawain 2</b>          1. ☉          2. ☉          3. ☉          4. ☉          5. ☉  <b>Gawain 3</b>          Sumangguni sa Rubriks  <b>Isaisip</b>          Dependende sa sagot ng mga          bata  <b>Isagawa</b>          Sumangguni sa Rubriks</p>	<p><b>Tayahin</b>          1. Tama          2. Tama          3. Mali          4. Tama          5. Tama          6. D          7. B          8. E          9. F          10. A  <b>Karagdagang Gawain</b>          Dependende sa sagot ng mga          mag-aaral</p>
-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Rubrik para sa “Gawain 3”: Sanaysay tungkol sa mga kahalagahan ng makasaysayang pook na napabilang sa World Heritage.

Pamantayan	5	4	3	Marka
Kalinisan at Kahalagahan	Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan	Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis	Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay	
Istilo	Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa	Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa	Walang kalinawan at pagkamalikhain	
Tema	Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan	Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman	

Rubrik para sa “Isagawa”: Paglikha ng sariling sining/guhit

Pamantayan	(5)	(3)	(1)	Marka
Tamang paggawa ng guhit/likhang-sining/pagpinta	Sadyang tama o wasto ang paggawa ng disenyo ng guhit/likhang-sining/pagpinta	Malinaw na hindi gaanong tama ang disenyo ng guhit/likhang-sining/pagpinta	Halatang hindi tama ang disenyo na ginamit	
Wastong paggamit ng technique sa paggawa ng guhit/likhang-sining/pagpinta	Ang ginamit na technique ay wasto, malinaw at masining	Malinaw ang ginamit na technique pero hindi masyado masining	Hindi masining at malinaw ang technique na ginamit	
Kinalabasan	Ang kinalabasan ng guhit/likhang-sining ay may kaisahan at kaugnayan sa iginuhit na larawan	Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang ginuhit	

# **Sanggunian**

Copiaco, Hazel at Jacinto Jr. Emilio. Halinang Umawit at Gumahit 5 pahina 120-124

<https://philnews.ph/2020/01/07/tula-10-halimbawa-ng-mga-tulang-pilipino-philnews/>

Herrmann, Sebastian. Taken at Sagada Rice Terraces, Sagada, Philippines  
<https://unsplash.com/photos/Dd68LjQWzV0>

Bewick, Karl. <https://unsplash.com/photos/9RO4iunJbAc>

San Vicenta, Camille. Taken at Cagsawa Ruins, Legazpi, Philippines  
<https://unsplash.com/photos/Z5xHpUH9o8Y>

Gerez, Assy. Taken at Vigan City, Ilocos Sur, Philippines.  
<https://unsplash.com/photos/9VefctMzC2M>

Padillo, Rene. Taken at Batanes, Philippines. [https://unsplash.com/photos/R-s\\_rkrX8Jo](https://unsplash.com/photos/R-s_rkrX8Jo)

File:Pangasinan Hundred Islands.jpg - Wikimedia Commons  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pangasinan\\_Hundred\\_Islands.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pangasinan_Hundred_Islands.jpg)

File:Paoay Church of Ilocos Norte, Philippines.JPG - Wikimedia Commons  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paoay\\_Church\\_of\\_Ilocos\\_Norte,\\_Philippines.JPG](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paoay_Church_of_Ilocos_Norte,_Philippines.JPG)

File:Callao Cave Penablanca.jpg - Wikimedia Commons  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Callao\\_Cave\\_Penablanca.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Callao_Cave_Penablanca.jpg)

File:Taal Volcano - 12 January 2020.jpg - Wikimedia Commons  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Taal\\_Volcano\\_-\\_12\\_January\\_2020.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Taal_Volcano_-_12_January_2020.jpg)

File:Pangasinan Hundred Islands.jpg - Wikimedia Commons  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pangasinan\\_Hundred\\_Islands.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Pangasinan_Hundred_Islands.jpg)



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \*